IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# SILIP-KUWENTO SA PINAGMULAN NG PANGALAN NG MGA BARANGAY SA BACON

[1]Julie Ann V. Cerillo, [2]Sharon D. Mariano

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstrak :* Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang mga kuwento ng pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon, Sorsogon. Deskribtib na disenyo ang ginamit sa pananaliksik na ito upang malaman ang mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon. Binubuo ito ng 137 na impormante mula sa 28 barangay. Purposive Sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga impormante. Ang mananaliksik ay gumamit ng interbyu-iskedyul sa pangangalap ng datos. Nakipanayam at humingi rin ng nakasulat na dokumentong pangkasaysayan sa barangay ang mananaliksik sa ilang opisyal dito. Ang mga nakalap na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng nararapat na estadistika. Ang mga temang nakapaloob sa bawat kuwento ng mga barangay sa Bacon batay sa masusing pagsusuri ng mananaliksik ay pagbibigay-pugay sa mga santo o santa, pangkalikasan, pag-uugali, paniniwala, karanasan sa panahon ng mga mananakop na dayuhan, pagtanaw ng utang na loob at maging pamumuhay. Ang mga nabanggit na tema ay napagsusunod-sunod mula sa pinakamaraming bilang ng mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng barangay hanggang sa maliit na bilang. Ang mga elemento ng kulturang masasalamin sa bawat kuwentong pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon ayon sa pag-analisa ng datos ng mananaliksik, ito ay ang mga paniniwala, simbolo, pagpapahalaga, at norms. Ang naging konklusyon ay may mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ang mga barangay sa Bacon. Ang mga kuwentong ito ay hango sa pangalan ng santo/santa, halaman o punongkahoy, sa pag-uugali, gawi at pamumuhay, sa tanawin, sa pangyayari, pangalan ng hayop, lokasyon at pangalan ng tao. May iba't ibang temang nakapaloob sa bawat kuwento ng pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon. Maraming elemento ng kultura ang masasalamin sa mga pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon. Inirekomenda na hikayatin ang mga mag-aaral at mga tao sa komunidad na basahin at tangkilikin ang sariling panitikan upang magkaroon ng sapat na kamalayan sa sariling pagkakakilanlan. Maaaring gamitin ang Filipino bilang midyum ng instruksyon upang mas maging makatotohanan at makabuluhan ang pag-aaral ng mag-aaral. Sikaping magkaisa sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng pagpapakilala ng mga kuwento upang mas higit na makilala ang lugar at mas mapahalagahan ang kultura at yamang mayroon ito.

## 2.INTRODUKSYON

Ang panitikan ay talaan ng buhay at nagsisilbing tulay sa pagpapahayag ng ekspresiyon, kaisipan, damdamin at maging mga karanasan. Ito ay kilalang salamin ng kultura, pundasyon ng kasaysayan at nagpapatatag ng pagkakakilanlan. Ayon kay Reiss (1992)[1], tunay na ang panitikan ay may malaking bahagi sa pagkakakilanlan. Ang mundo ay nagbabago ngunit hindi maiwawaksi ang pinagmulan ng mga pagbabagong ito. At ang tanging paraan upang maunawaan ang kasalukuyang panahon ay sa pamamagitan ng pagsilip sa mga panitikang mayroon ang isang bagay o lugar na maaaring makatulong upang magkaroon ng kamalayan at pagpapahalaga sa kultura at mga tradisyon.

Sa Pilipinas, maraming panitikan ang hindi pa nabibigyang- atensiyon at hindi pa napag-aaralan kung kaya't dahil rito kaya nawawalan na ng saysay ang kahalagahan ng kultura sa isang lugar at unti-unting nawawalan ang ilang Pilipino ng malay sa ugat ng kasaysayan. Kung kaya sa pagsilip nito, ang mga tao ay mahihikayat na buhayin at muling pagyamanin pa ang mga panitikan bilang isang indibidwal na kabilang sa lipunang ginagalawan. Ayon nga kina Perez-Semorlan, et. al. (2011)[2], ang panitikan at kasaysayan ng isang lipunan ay kapuwa tagapag-ulat ng daloy ng buhay. Kaya napakahalagang masilip ang mga pahina ng mga likhang-sining ng mga Pilipino mula noon hanggang ngayon sapagkat isa ito sa mga makapagpapatunay sa ating mayamang nakaraan. At ang nakaraan ng isang bansa ay salamin ng tunay na katauhan ng mga mamamayan nito.

Sang-ayon na rin sa Republic Act Artikulo XIV Seksyon 16,''[3] ang lahat ng mga kayamanang artistiko at historiko ng bansa ay bumubuo sa kayamanang kultural nito ay dapat pangalagaan ng Estado na maaaring magregula sa disposisyon nito." Ito ay may layuning protektahan at pagyamanin ang lahat ng mga sining bilang kagamitan ng isang indibidwal sa paglalahad ng saloobin, muni-muni at mga opinyon sa buhay lalong-lalo na ang kultura sapagkat ito ay ang pinagmumulan ng mga bagay-bagay sa buhay at isang mahalagang kasangkapan sa paghulma ng buhay ng isang tao. Nakasaad rin sa batas at regulasyon ng R.A. 9593[4] na

kinakailangang itaguyod ang makabuluhang kasaysayan, panitikan at kultura ng turismo sa mga kabataan at mga mamamayan. Kabilang na sa mga dapat itaguyod ay literatura, pati na rin ang mga kuwentong- bayan dahil napakalaki ng pangangailangan na alagaan ang mga kuwentong-bayang ito. Maging ang Artikulo 14, Seksyon 5 ng Saligang Batas 1987 at Seksyon 5 ng Batas Republika bilang 10533 o ang "Enhanced Basic Education"[5] na naglalayong itaguyod ang kulturang Pilipino at pagpapasigla ng edukasyon sa pamamagitan ng lokal na kagamitan. Napakahalaga ang isinasaad ng mga Saligang batas tungkol sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon upang mamulat ang mga kabataan na ang Pilipinas ay napakayaman ng panitikan at magagamit din ito ng mga guro sa pagtuturo lalong-lalo na sa panitikang rehiyonal.

Malaking patunay ang likas na yaman sa panitikan ng Rehiyong Bikol sapagkat ayon kay Ramos (2014)[6], ang Rehiyong Bikol ay lubhang mayaman sa iba't ibang akdang lokal, na naglalahad ng mga pinagmulang kwento ng isang lugar. Mapabata man o matanda ay kasasalaminan ng mga datihang kaugalian na kapupulutan ng iba't ibang aral sa buhay bagamat nilipasan man ng panahon. Nagiging paraan din ang mga ito sa pagpapatayog sa pagmamahal sa lugar na pinagmulan. Ang Bacon ay napakayaman sa mga kuwentong-bayan tulad ng mito, kuwentong kababalaghan, alamat, at pabula. May ibang mga kuwentong-bayan ang nalathala na at ang karamihan ay nananatiling pasalitang panitikan hanggang sa kasalukuyan. Ang mga nasabing mga kuwentong-bayang Bacongnon ay pinaniniwalaan ng marami sa dahilang naging bahagi na ito ng kanilang pamumuhay. Kaugnay nito, inilunsad ang "Cultural Mapping Orientation" noong ika-17 ng Enero, 2020 na pinangunahan ng dating gobernador, Francis "Chiz" Escudero na may nais mapreserba, mapangalagaan, at itaguyod ang mga pambansang pamana sang-ayon sa Batas Republika 10066 o ang "Cultural Heritage Act of 2009 [7]". Sa pamamagitan nito inaasahang gagawing angkop at kapaki-pakinabang ang kulturang mayroon ang isang lugar upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kung saan sila nabibilang. Ang kultura at tradisyon ng isang lugar ay makatutulong upang maging malinaw sa mga mag-aaral kung ano nga ba ang mga kaugalian ng mga ninuno na hindi na naipasa sa kasalukuyang henerasyon. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Sa panlipunan, pambansa, at pandaigdigang kaukulan, isa ang panitikan sa pinagbabatayan ng pagkakaroon ng buhay at katagumpayan ng isang bansa (De Juan, 2015)[8].

Ang Bacon ay distrito at isinamang bayan sa Sorsogon taong 2000 upang maging isang lungsod na nakasaad sa R.A 8806 [9] o ang tinatawag na Cityhood Law na kinabibilangan ng 28 barangay at kakikitaan ng iba-iba at kawili-wiling pangalan. Ang mga barangay ng Bacon ay ang mga sumusunod: Balete, Balogo, Bato, Bon-ot, Bogña, Buenavista, Cabarbuhan, Caricaran, Del Rosario, Gatbo, Jamislagan, Maricrum, Osiao, Poblacion, Rawis, Salvacion, San Isidro, San Juan, San Pascual, San Ramon, San Roque, San Vicente, Santa Cruz, Santa Lucia, Santo Domingo, Sto. Niño, Sawanga at Sugod. Kung saan ito ang magiging pokus ng pag-aaral ng mananaliksik. Sa ganitong paraan, mabibigyan pa ng pagpapahalaga at mas malalim na pagkilala ang bawat barangay. Batay sa obserbasyon at sariling karanasan ng mananaliksik, ang mga residente ng Bacon, maging ang ilan pang karatig na munisipyo ay kulang na kulang ang kaalaman maging mga datos tungkol sa mga kuwentong pinagmulan ng pangalan sa mga barangay. Kung may nalalaman man, ito ay sa sariling lugar lamang ngunit maging ang ilan ay walang alam tungkol dito. Ang masilip ang mga kuwentong pinagmulan ng pangalan sa mga barangay sa Bacon, matukoy ang mga temang nakapaloob at maging ang mga elemento ng kultura na masasalamin sa makakalap na kwento ang nag-udyok sa mananaliksik upang pag-aralan ito. Bukod rito, upang makalikom ng mga datos na gagawing kagamitang pampagtuturo na nakaangkla sa prinsipyo ng pagsasalokal at pagsasakonteksto ng mga araling may kinalaman sa kasaysayan at kultura sa buhay partikular sa mga mag-aaral.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng taglilima bawat barangay na may kabuoang 140 ngunit naging pinal na 137 na lamang na mga residente sa 28 barangay ng Bacon. Tatlo sa mga inpormante ang walang kakayahang makapanayam dahil sa sakit kung kaya isinulat na lamang nila ang kanilang nalalaman.

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante. Ang mga residenteng may edad 50 pataas at matagal nang naninirahan sa mga barangay ay sinadyang hanapin ng mananaliksik sa tulong ng ilang opisyal ng mga barangay na higit na nakakakilala at nakakaalam sa mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng mga barangay.

Sinimulan ang paghahanap ng mga inpormante buwang Abril 29 at natapos buwan ng Hunyo 24. Isinagawa ang pakikipanayam ng mananaliksik sa loob ng siyam na sabado.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang mga nakalap na impormasyon sa pag-aaral na ito ay nanggaling sa kasagutan ng mga impormante na nagmula sa 28 barangay ng Bacon. Subalit bago ang paglikom ng mga datos, sinimulan ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagbuo ng liham pahintulot upang maipabatid ang gawaing pag-aaral. Ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa opisina ng alkalde ng Lungsod Sorsogon, punong barangay at iba pang opisyal ng barangay para maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

Isinagawa ang paglikom ng mga datos sa loob ng siyam na sabado mula noong Abril 29, 2023 hanggang Hunyo 24, 2023. Mahigit-kumulang 15 impormante mula sa tatlong barangay ang kinayang kapanayamin bawat sabado ng mananaliksik. Ang pakikipag-ugnayan sa pinuno ng barangay, paghanap ng impormante at paghingi ng dokumentong pangkasaysan sa sekretarya ng bawat baryo ang pinakaproseso ng paglilikom ng mga datos.

Ang mananaliksik ay unang nagtungo sa pinuno ng barangay upang humingi ng pahintulot at gabay sa paghahanap ng mga impormante. Ang ilan ay maswerteng naaabutan sa opisina ngunit karamihan ay sinadya ng mananaliksik sa sariling tahanan upang makipag-ugnayan. Sa bawat barangay ay may matiyagang gumabay sa mananaliksik upang matunton bawat impormanteng may kaalaman sa kuwento.

Sa pagsisimula ng paglikom, inilahad ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na isinagawa. Humingi rin ng pahintulot sa bawat impormante sa paggamit ng audio-rekorder habang nakikipanayam. Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang pangangalap ng datos. Isinagawa rin ang balidasyon ng mga datos sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa sekretarya at ibang

opisyal ng barangay sa pagkuha ng mga nakasulat na dokumentong pangkasaysayan sa mismong barangay hall bago tumungo sa susunod na barangay.

Ang mga nakalap na datos sa lahat ng impormante at ang mga nakasulat na dokumentong pangkasaysayan sa mga barangay sa Bacon ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng gawain at konklusyon ng pag-aaral.

## IV. RESULTA

### Mga Kuwentong Pinagmulan ng Pangalan ng mga Barangay sa Bacon.

Ang Bacon ay kinapapalooban ng 28 barangay na may nakawiwili at makabuluhang kuwentong pinagmulan ng mga pangalan. Batay sa pagsusuri ng mananaliksik, nagkaroon ng walong pinaghanguan ang mga pangalan nito. Namalas na halos ang pagpapangalang isinagawa sa barangay ay kung anong likas at matatagpuan dito noon. Samantala, kung sa heograpikal na usapin, hindi maitatanggi na naging batayan din ito. Nalaman sa pag-aaral na ito ang mga tiyak na barangay na malapit sa kabukiran, dalampasigan, ilog at kung ano-ano pa na may malaking dulot lalo na sa kabuhayan ng mga naninirahan.

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga pinagmulang kuwento ng mga barangay sa Bacon.

**TALAHANAYAN 1**

**Mga Pinagmulang Kuwento ng mga Barangay sa Bacon**

| **Kasalukuyang Pangalan ng Barangay** | **Kuwentong Pinagmulan ng Pangalan ng mga Barangay** | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Santo/ Santa | Halaman | Tanawin | Lokasyon | Hayop | Pag-uugali | Pangyayari | Pangalan ng Tao |
| (12)Santo/Santa | 3 | 5 | 2 | 2 | | | | |
| (7)Halaman | | 7 | | | | | | |
| (2)Tanawin | | | 2 | | | | | |
| (1)Lokasyon | | | | 1 | | | | |
| (2) Hayop | | | | | 2 | | | |
| (1)Pag-uugali | | | | | | 2 | | |
| (1)Pangyayari | | | | | | | 1 | |
| (1)Pangalan ng Tao | | | | | | | | 1 |

**Hango sa pangalan ng santo/santa**

Ang mga kasalukuyang pangalan ng barangay Sto. Domingo, Santa Lucia, Salvacion, San Juan, Del Rosario, San Isidro, San Pascual, San Vicente, San Ramon, Santa Cruz, Sto. Niño at San Roque ay pare-parehong hango sa pangalan ng santo at santa na kinikilalang patron ng mga barangay ayon sa 60 impormante. Bagamat ang labindalawang pangalan ng barangay na ito ay ibinatay sa mga santo at santa, nabatid ng mananaliksik na tatlo lamang sa mga nabanggit na barangay ang noon pa ma'y hinango na sa santo/santa ang pangalan samantalang siyam namang barangay ang mayroong dati pang pangalan bago pa man tawagin sa pangkasalukuyang pagkakakilanlan. Ang mga barangay na noon pa ma'y hango na sa pangalan ng santo/santa ay ang San Isidro na hinalaw sa patrong si "*San Isidro Labrador*", San Ramon na may patrong si "*San Ramon De Nonato*" at San Vicente na hinango naman sa patrong si San *"Vincent of Fierrer"*.

Ang mga barangay Sto. Domingo, Santa Lucia, Salvacion, San Juan, Del Rosario, San Pascual, Santa Cruz, Sto. Niño at San Roque naman ang may dating pangalan ngunit binago lamang dahil sa impluwensiya ng relihiyong katoliko na bitbit ng mga Kastila. Ito ang naging dahilan upang mapalitan ang mga nakagisnang pangalan ng mga barangay.

Bagamat may mga dati o pinagmulang pangalan ang siyam (9)na barangay ay hindi lingid sa kaalaman ng nakararami na hinango ang mga pangalan nito sa kasalukuyan batay rin sa mga patrong mayroon dito. Ang barangay Sto. Domingo na hinango sa patrong si "*St. Dominique De Guzman"*, ang Santa Lucia mula sa patrong si *"Sta. Lucia"*, ang Salvacion na mula kay "*Nuestra Señora De Salvacion",* at ang San Juan na isinunod sa patrong si *"St. John the Baptist"*. Maging ang barangay Del Rosario na hinango sa patrong si "*Santa Nuestra Senora Del Rosario*", ang patrong si *"San Pascual"* sa barangay San Pascual , patrong *"Santa Cruz"* ng barangay Santa Cruz, *"Senior Sto. Niño"* ng barangay Sto. Niño at "*San Roche"* ng San Roque.

**Hango sa halaman o punongkahoy**

Ang Balete, Rawis, Cabarbuhan, Caricaran, Bogña, Balogo, Gatbo, Santa Cruz, Santa Lucia, Sto. Niño, San Pascual at San Roque ay hango sa halaman o punongkahoy ayon sa 60 impormante na nakapanayam ng mananaliksik. Pito sa mga barangay na ito ang hinango sa halaman o punongkahoy ang pangalan na hanggang sa kasalukuyan ay siyang pagkakakilanlan. Samantala, lima (5) naman ang hinango rito ngunit pinalitan dahil sa panrelihiyong paniniwala.

Ang Balete, Rawis, Bogña, Balogo, Cabarbuhan, Caricaran at Gatbo ay ang pitong barangay na hinango rito at magpahanggang sa kasalukuyan ay siyang naging pagkakakilanlan. Katulad na lamang ng Balete na literal na isang uri ng punongkahoy na itinuturing na matatag at malaki. Ang Rawis naman na mula sa salitang *"rawis-rawis"* na nangangahulugang sumobrang bariw o caragumoy na ginagawang banig o sombrero. Maging ang Cabarbuhan na mula sa halamang *"barbo"*. Ang Bogña, Caricaran at Gatbo na mula sa mga natukoy na punongkahoy na *"bunga", "caricaran"* at *"gatbo"*.

Ang lima (5) naman na hinango rito ngunit pinalitan dahil sa panrelihiyong paniniwala ay ang mga barangay Santa Cruz, Santa Lucia, Sto. Niño, San Pascual at San Roque. Ang Sta. Cruz na dating *"tinapilan"* o mga ligaw na halaman. Maging ang Sto. Niño na kilala sa dating pangalan na *"kagpandan"* dahil sa dami ng halamang pandan sa nasabing lugar at ang Sta. Lucia na dating kilala sa pangalang *"dal-og"* na nangangahulugang baging. Maging ang San Pascual ay may dating pangalang *"bari-is"*, isang uri ng prutas at ang San Roque na dating "cawayan" o kawayan.

Ayon nga kay Tepace at Badayos (2005)[10], na ang imahe ay tumutukoy sa mga salitang kapag binabanggit sa isang akda ay nag-iiwan ng malinaw at tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa. Ang mga salitang ito ay magpapatalas sa panlasa, pang-amoy, paningin at iba pang persepsyon na makakabasa sa pag-aaral na ito. Higit nilang mababatid ang pinagmulan ng pangalan ng mga barangay kung ihahango rito.

**Hango sa tanawin**

May apat (4) na barangay na hango sa tanawin. Ito ang mga barangay Buenavista, Maricrum, Del Rosario at San Juan. Bagamat pare-parehong hinango sa tanawin ang mga pangalan, ang barangay Buenavista at Maricrum lamang ang hindi nabago ang pagkakakilanlan sa pagdaan ng araw. Samantalang ang Del Rosario at San Juan ay hinango sa tanawin ang mga dati lamang nitong pangalan.

Ayon sa mga impormante na mula sa barangay Buenavista, ito raw ay nangangahulugang magandang tanawin at mayaman sa tubig at matatabang lupa. Ang "*Buena"* na ang ibig sabihin ay maganda at *"Vista"* na nangangahulugang makita. Samantalang ang maricrum ay mula sa bikol na salitang *"madiklum"* sapagkat ayon sa mga residente, ito ay dating napupuno ng mga halaman at punongkahoy na naging dahilan ng karimlan ng paligid sa nasabing lugar.

Ang Del Rosario na may dating pangalang *"hemoraga"* o nangangahulugang palayan na ayon sa mga informante ay isang napakagandang pagmasdan lalo sa tuwing panahon na ng anihan. Samantalang ang dating pangalan naman ng San Juan ay *"napangpang"* na nangangahulugang mataas at magandang pagtubo ng palay sa palayan. Nabatid ng mananaliksik na hindi nagkalayo ang ibig pagpapakahulugan ng dating pangalan ng mga barangay na ito kaya itinuring din na hango sa tanawin batay sa mga paglalarawang isinaysay ng mga informante.

Sa pananaliksik ni Camar (2016)[11], sa pagsusuri niya sa mga pagpapahalagang napaloob sa bawat kuwentong-bayang nalikom mula sa Cantilangnun, natuklasan niya na karamihan sa mga kuwentuhang-bayan ay kakikitaan ng pagpapahalagang makatao na sinundan ng maka-Diyos, makakalikasan, at makabayan. Patunay na maging ang mga tanawin bilang bahagi ng kalikasan ay nagiging bahagi at may malaking ambag sa kasaysayan ng isang lugar.

**Hango sa lokasyon**

Ang barangay Poblacion, Sto. Domingo at Salvacion ay ang pinaniniwalaang hango sa lokasyon ayon sa 15 impormante. Batay sa resulta ng pananaliksik, ang pangalang poblacion ay dati nang kinilala at magpahanggang sa ngayon ay ito na ang pangalan nito. Samantala, ang barangay Sto. Domingo at Salvacion ay mayroong dating pangalan na hango sa mismong lokasyon ng mga ito. Napalitan lamang at ibinatay sa pangalan ng patron nang dumating ang mananakop na kastila sa Bacon.

Ang barangay Poblacion ayon sa mga nakapanayam na informante, ito ay itinuturing na sentro ng Bacon kung kaya tinawag na Poblacion. Sa kabilang banda, ang barangay Sto. Domingo ay may dating pangalang *"tubog"* na nangangahulugang mud puddles o maputik na lugar at ang barangay Salvacion naman ay hango sa salitang *"binalayan"* na nangangahulugang dating pinagtayuan ng bahay.

Patunay na maging ang lokasyon ay maituturing na epektibong batayan din sa pagpapangalan sa isang lugar. Ayon sa mga informante, mas madaling matunton ang isang lugar kung sa mismong lokasyon nito ay magiging pamilyar ang mga taong naninirahan dito.

**Hango sa pangalan ng hayop**

Ang barangay Sawanga at Sugod naman ay hango sa pangalan ng hayop batay sa mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ayon sa 10 impormante at itinuturing pa ring kasalukuyang pangalan. Sa pakikipanayam, ang sawanga ay mula sa isang ahas na kilala sa tawag na *"sawa"*. Naibahagi rin nila na 'sawangan' ang dating pangalan nito hanggang sa panahon ng mga kastila ngunit napalitan ng sawanga noong dumating ang mga Amerikano sa Pilipinas dahil sa mga isyung pananalita. Sa kabilang banda, ang barangay Sugod naman ayon sa mga nakapanayam na residente rito ay naniniwalang nagmula sa insektong pukyutan. Salaysay ng mga informante, nagsimulang tawaging sugod ito noong panahong hinahabol ng mga Hapones ang mga katutubo sa kagubatan at dahil sa paniniwalang katuwang nila ang kalikasan, kaya kusang sinugod sila ng mga pukyutang ito hanggang sa sila'y lumisan na lamang sa lugar.

Batay kina Gambosa at Francisco (2018)[12], sinasabi nila nakakagawa ang mga tao mula sa mga malilikot na imahinasyon mula sa kanilang kapaligiran at sa uri ng kanilang pamumuhay na makikita sa mga kuwentong pasalindila ng mga tao. Pinatutunayan lamang nito na may kaugnayan ang pagpapangalan sa isang lugar sa imahinasyon at uri ng pamumuhay mayroon ang mga tao sa isang komunidad. Ang sawa at pukyutan ay isang angkop na representasyon ng pagpapahalaga ng mga residente noon dito sa imahinasyon at kapaligirang higit na nakatulong sa pamumuhay.

**Pag-uugali**

Ang mga barangay Jamislagan at Bato ang pinaniniwalaang hinango rito ayon sa 10 impormante. Ang mga nasabing barangay ay dati nang taglay ang pangalan, na hindi nabago paglipas ng panahon. Ang barangay Jamislagan ay mula sa isang naturang pag-uugaling taglay ng mga taong nakatira dito, ang pagiging malambing, na mula sa salitang bikol na *"Jamis"* o tamis hanggang sa tinawag na Jamislagan. Gayundin ang barangay bato na inihahalintulad ang katigasan ng ulo ng mga naninirahan dito sa isang bato.

Ayon nga kay Jocano (2007) [13], ang kultura ay kinapapalooban ng kaalaman, paniniwala, sining, moral, batas, kaugalian at iba pang kakayahan at ugali na nakukuha ng bawat indibidwal sa lipunang kinabibilangan nito. Patunay na ang pinaghanguang ito ay repleksiyon ng pamumuhay o pag-uugaling taglay ng mga nakatira dito. Ang ugaling pagiging malambing at pagkatigas ng ulo ay angkop na paglalarawan sa mga kinasanayang gawi ng mga taong naninirahan sa barangay Jamislagan at Bato.

**Hango sa Pangyayari**

Ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng barangay Bon-ot ay pinaniniwalaan ng mga informante na hango sa isang makasaysayang pangyayari na naganap sa kanilang lugar noon. Ang pangalang Bon-ot ay sinasabing mula sa *"bonot ng niyog"* habang isinasagawa ang pagkopra ng dalawang tubong residente rito noon.

Ang pagkakaiba ng iba't ibang kultura, upang maunawaan, nararapat na ang akdang tinatalakay ay naglalarawan ng tunay na mga pangyayari, awtentik ang pagkakalahad at makatotohanan. Patunay na bagamat pasalindila ang pinaghanguan ng pangyayari sa pagkakabuo ng pangalang Bon-ot ay maituturing namang totoo dahil sa pagkokopra ang isa sa uri ng pamumuhay na taglay pa rin magpahanggang sa kasalukuyan ng mga residente rito.

**Hango sa pangalan ng tao**

Ang kuwentong pinagmulan ng pangalan naman ng barangay Osiao ay hinango sa pangalan ng tao na hanggang sa kasalukuyan ay ito nang pagkakakilanlan. Ang pangalan ng taong pinaghanguan ay si Jose Jao, isang dayuhan na nagkaroon ng malaking ambag sa pag-unlad ng lugar. Hindi lamang ang impluwensiya ng dayuhan ngunit ang kabutihan ng mga katutubong nakatira dito na bigyang-parangal ang nasabing tao bilang pag-alala sa kaniyang nagawa sa lugar. Bagay na hindi mawawala sa mga Pilipino, ang pagtanaw ng utang na loob at ito ang isang matinding patunay rito.

Sa kabuoan, makikita na ang kwentong pinagmulan ng bawat barangay sa Bacon ay hango sa pangalan ng santo at santa, halaman o punongkahoy, tanawin, lokasyon, pangalan ng hayop, pag-uugali, pangyayari, at pangalan ng tao. Mababatid rin na may mga dating pangalan ang karamihan sa mga barangay bago pa ang kasalukuyang kilalang pangalan.

Patunay na dati pa man ay may sari-sarili nang kaparaanan ang mga nakatira sa mga nabanggit na barangay upang bigyang pagkakakilanlan ang mga pinananahanang lugar. Bukod rito, nabatid na naging malaki ang impluwensiya ng mga Kastila sa buhay at paniniwalang panrelihiyon ng Bacongnon partikular sa pagpangalan sa mga barangay na nabanggit sa pag-aaral.

Mula sa mga pag-aaral nina Manforte (2015) [14] at Ilagan (2020)[15], pinatunayan nila mula sa mga dokumentaryong pagsusuri ang iba't ibang natunghayan at nakalap na makikita sa mga maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian ng mga tao. Kuha ng lente mula sa kinabibilangang lipunan at pagkakakinlalan ng lahi. Mahalaga na malaman ng mga tao sa lugar na kanilang kinabibilangan ang pinagmulan ng pangalan ng barangay para sa mas malalim na pagkakakilanlan sa sarili.

**Temang nakapaloob sa bawat kwento.**

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang mga temang nakapaloob sa kwentong pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa Bacon. Maging ang mga barangay na mabibilang sa bawat tema.

**TALAHANAYAN 2**

**Mga Temang Nakapaloob sa Bawat Kuwento**

| Tema | Mga Barangay |
|---|---|
| Pagbibigay-pugay sa mga santo/santa | Santo Domingo, Santa Lucia, Salvacion, San Juan, Del Rosario, San Isidro, San Pascual, San Vicente, San Ramon, Santa Cruz, Santo Niño, San Roque |
| Pangkalikasan | Buenavista, Maricrum, Caricaran, Bogña, Cabarbuhan, Balogo, Gatbo, Sawanga |
| Pag-uugali | Jamislagan, Bato |
| Paniniwala | Poblacion, Balete |
| Karanasan sa panahon ng mga mananakop na dayuhan | Sugod, Bon-ot |
| Pagtanaw ng utang na loob | Osiao |
| Pamumuhay | Rawis |

**Pagbibigay-pugay sa mga santo o santa**

Nangunguna sa temang nakapaloob sa mga kuwento ay ang pagbibigay-pugay sa mga santo o santa ng barangay. Labindalawang (12) barangay ang makikitang isinusog sa patron ang pagpapangalan ng mga ito. Mapapansin na ang naging impluwensiya ng mga dayuhang kastila rito ay malaki buhat nang ipakilala ang Kristiyanismo sa Bacon. Malaki rin ang epekto nito sa pamumuhay at kultura na mayroon ang mga taong naninirahan sa mga lugar na ito.

Makikita ang tradisyong ito sa pagsisimba ng mga residente rito tuwing linggo o tuwing may misa sa kapilya man o sa simbahan. Sinasabing may ilang mag-anak pa rin sa kasalukuyan ang nagdarasal tuwing sasapit ang ika alas-sais ng hapon at alas tres ng madaling araw. Tuwing sasapit naman ang mahal na araw o kaya'y kapistahan sa bawat barangay, ang pangkat ng mga tao na pinamunuan ng mga katikista at naglilingkod sa simbahan o sa kapilya ay nagsasagawa ng prosisyon sa mga imahe na ibinahay-bahay.

Nagdaraos din ang mga barangay ng kapistahan taon-taon bilang pasasalamat sa patron. Ito ay patunay na ang mga Bacongnon ay maka-Diyos. Sinabi nga ni Eugenio (2007)[16] na ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino ay isang natatanging pagkakakilanlan. Kilala ang mga Bacongnon sa pagiging maka-Diyos at may pagpapahalaga sa relihiyon dahil ayon sa mga nakapanayam, ito ay nagsisilbing gabay sa pang-araw-araw na buhay.

**Pangkalikasan**

Pumapangalawa ang temang pangkalikasan na mayroong pitong (7) barangay na mamamalas sa mga kuwento. Patunay na noon pa ma'y sagana na sa likas na yaman ang Bacon. Mahihinuha rin sa mga kuwentong ito na maging dati pa man ay marami nang magagandang tanawin ang lubos na kinawiwilihan ng mga dayuhan. Maging iba't ibang uri ng punongkahoy at halamang napakarami at nabubuhay rito na nagsisilbing pagkakakilanlan ng mga barangay. Isa sa maituturing na may malaki na epekto sa mga residente rito.

Isa sa pangunahing pinagkukunan ng ikinabubuhay ng mga tao ay ang ang likas na yaman at agrikultura. Karamihan dito ay nagsasaka at nangingisda. Ang mga mamamayan sa upland at lowland ay nagsasaka, nagkokpra at nag-aabaka samantalang sa coastal, karamihan ay nangingisda dahil malapit sila sa dagat. Maging ang mga halamang katulad ng caragumoy ay ginagamit sa paglikha o habi ng mga produktong kayang yariin ng kamay. Sinabi ni Peña (2015)[17] na ang hanapbuhay at pamumuhay ng mga tao ay maiuugnay sa kapaligirang mayroon sila. Patunay na ang temang pangkalikasan ay nagdulot ng maganda at kapakinabangan sa mga taong higit itong pinahahalagahan.

**Pag-uugali**

Sumunod ang temang pag-uugali na mayroong dalawang barangay. Ang pagiging malambing ng mga taga-Jamislagan ay isang naturang ugali na mayroon ang mga Pilipino. Sa pamamagitan ng magiliw na pagtanggap ng bisita, mapalokal man o dayuhan, pagbibigayan lalo na tuwing may selebrasyon na ipinagdiriwang at mabuting pakikisama ayon sa mga informante. Samantala, ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng barangay Bato ay dahil sa taglay na katigasan ng ulo ng mga katutubong nakatira dito. Bagamat ganoon ay positibo namang tinitingnan ng mga informante ang kuwento ng pinagmulan ng pangalan ng barangay. Ayon sa pakikipanayam, ang bato ay tanda ng katatagan sa buhay anomang hamon ang dumating. Dagdag pa ng mga informante na hindi basta-bastang sumusuko anomang unos ang pagdaanan.

Ang epekto nito sa buhay ng mga mamamayan ay may maayos na relasyon o ugnayan ng bawat tao sa bayan sa kadahilanang palaging nagkakaisa at nagtutulungan ang mga tao sa lahat ng oras at mahusay makisama. Masayahin din ang mga tao sa lugar at

bagaman sila ay abala sa paghahanapbuhay ay nagkakaroon pa rin sila ng oras para makapaglibang at makipagsalamuha sa ibang tao.

Sa kasalukuyan, nalilibang ang mga tao tuwing magsasagawa ang barangay ng *"pabayle"* noon na disco na ngayon. Sinabi naman ni (Meneses, 2018)[18] na isang napakagandang katangian ng mga Pilipino ang mabuting pakikipagkapwa. Likas sa isang Pilipino ang mapanatili ang magandang pakikipag-ugnayan, ang umunawa at magbigay hindi lamang sa pamilya at mga kaibigan kundi maging sa mga higit na nangangailangan.

**Paniniwala**

Maging ang temang paniniwala ay makikita sa pinagmulang kuwento ng dalawang (2) barangay. Ang temang ito ay tumutukoy sa mga kahulugan at paliwanag tungkol sa pinaniniwalaan at tinatanggap na totoo. Naniniwala ang mga katutubo noon na dapat lamang gawing sentro o bayan ang Poblacion sapagkat dito matatagpuan ang mga establisiyimento na maituturing na pangunahing pangangailangan ng mga taong nakatira dito. Dulot nito, nahihikayat ang mga ahensya na makiisa sa pagpapaunlad ng lugar lalo ba ito ang bayan o sentro ng Bacon.

Maging ang kwentong mito ng matatanda tungkol sa masamang espiritung naninirahan sa puno ng balete na naging dahilan ng pagkakasakit ng ilang ninuno hanggang sa mamatay ay nananatiling buhay at pinaniniwalaan ng mga taong nananahanan dito. Nagbigay ito ng kamalayan sa mga tao upang mas maging maingat sa tuwing nakahahantong mga punong Balete saan man magpunta.

Ayon nga sa pananaliksik nina Delim, et.al (2016)[19], likas na sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan kung kaya't kapag may dumarating na hindi kanais-nais na pangyayari agad itong ikinonsidera na may koneksyon sa kapaligiran. Ito ay pinatunayan ng kuwentong pinagmulan ng pangalang Balete kung saan pilit pinaniniwalaan ng mga tao rito ang koneksyon ng pagkamatay ng isang residente matapos itong putulin.

**Karanasan ng mga katutubo sa panahon ng mga mananakop na dayuhan**

Samantala, dalawang (2) barangay naman ang mayroong tema ang kuwento patungkol sa karanasan ng mga katutubo sa panahon ng mga mananakop na dayuhan. Patunay lamang na maging ang pananakop ng mga dayuhan noon ay nag-iwan ng malaking epekto sa lugar na piniling sakupin. Ang pagtugis ng mga hapones sa katutubo sa gitna ng kagubatan at ang hindi sinasadyang pagsagip sa kanila ng mga pukyutan ay isang pangyayari o karanasan na hindi maaaring kalimutan kaya nabuo ang pangalang Sugod. Nagdulot ito sa mga mamamayan ng lalong pagkalinga at pagmamahal sa kalikasan. Mas pinahahalagahan nila ang kapaligiran dahil sa magagandang naidudulot nito sa kanilang buhay.

Maging ang maling pag-aakala ng mga katutubo sa pahayag ng dayuhang kastila ay nagsilbing daan para mabuo ang pangalan ng barangay bon-ot. Bagama't maituturing na hindi pagkakaunawaan ay naging daan naman ito upang maipakilala ang uri ng pamumuhay. Napapahalagahan nila ang uri ng pamumuhay na mayroon ang kanilang sariling lugar. Lalo na sa usaping pagkokopra na tanging hanapbuhay ng iba.

Kaugnay nito sinabi ni Justin (2014)[20], ang kulturang Pilipino ay pinaghalong impluwensiya ng mga katutubong tradisyon at mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop nito noon. Pinatutunayan na malaki ang dulot ng mananakop sa kulturang mayroon ang mga barangay na nabanggit.

**Pagtanaw ng utang na loob**

Sinusundan ito ng temang pagtanaw ng utang na loob o pagpapahalaga sa taong nagdulot ng kaginhawaan, kaunlaran at kabutihan sa isang lugar. Ang Osiao na isinunod sa pangalan ng isang mayamang negosyante na si Jose Jao dahil sa kagandahang loob na taglay nito nang sinimulang paunlarin ang lugar hanggang sa maging isang ganap na barangay.

Maituturing at masasabi na isa sa magandang katangiang taglay ng mga katutubo ay ang pagbabalik ng kagandang loob sa kahit ano pa mang kaparaanan. Isang magandang implikasyon nito ay ang maalab na pagtanggap sa mga bisita ng mga residente rito tuwing piyesta, may kaarawan maging pasko o bagong taon man.

Ang pakikipagkapwa ay ang paraan ng pakikisalamuha sa ibang tao (at sa ibang nilalang) nang may buong paggalang at walang halong pagkukunwari (Enriquez, 2007)[21]. Maaari itong maisusog sa pagtanaw ng utang na loob bilang pagpapasalamat at paggalang sa taong nararapatan bigyan nito.

**Pamumuhay**

Maging ang pamumuhay ay naging tema ng pinagmulang pangalan at kuwento ng barangay Rawis. Ito ay tumutukoy sa uri ng hanapbuhay na isinasagawa ng mga nananahanan dito at nagpapakilala sa kulturang mayroon ang mga tao. Isang paraan ng pagtangkilik at pagbabaliktanaw sa pamumuhay noon ay ang pagbatay sa pagpapangalan ng lugar sa klase ng produkto na ginagamit sa pamumuhay ng mga taong nakatira rito.

Nagsilbi itong lundayan ng pagkilala sa sariling identidad ng mga tagarito. Mas naging malinaw sa kanila ang buhay na kinagisnan ng kanilang ninuno at magpahanggang sa ngayon ay ginagawa pa ng ilang residente ang pamumuhay na ito. Marami pa rin ang gumagawa ng mga basket, sombrero lalong lalo na banig at kanila itong iniluluwas sa merkado.

Ayon kay Falae (2018)[22], ang kultura ay isang kolektibong itinuturing manifestation ng intelektwal na kakayahan ng tao at ang tradisyon naman ay isang pag-uugali o paniniwala na may natatanging kahulugan na ipinasa pababa sa loob ng isang lipunan o

pangkat mula sa isang henerasyon patungo sa isa pa. Ang pamumuhay ng Rawisnon ay nakaangkla pa rin sa tradisyon na mayroon ang kanilang ninuno noon.

Sa kabuoan, makikita na ang pinakalumitaw na temang mababasa sa silip-kuwento ay ang pagbibigay-pugay sa mga santa o santo dahil sa impluwensiyang dulot ng mga dayuhang kastila. Pumapangalawa ang kalikasan dulot ng kayamanang likas, tanawin, maging hayop na naging batayan ng pagbigay ng pangalan. Sinusundan ito ng ilan pang temang nagpapamalas ng pag-uugali, paniniwala, karanasan sa panahon ng mananakop na dayuhan maging ang pagtanaw ng utang na loob bilang pagpapahalaga sa kabutihan at pamumuhay ng mga taong naninirahan sa lugar.

**3.Elemento ng Kultura na Masasalamin sa Kuwento.**

Ang kultura ay isang kumplikadong sistema ng ugnayan na nagbibigay-kahulugan sa paraan ng pamumuhay ng isang grupong panlipunan o isang lipunan sa kabuoan (Anderson at Taylor, 2007)[23]. Ito ay naglalarawan sa lipunan at nag-iiba ang paglalarawan ng bawat lipunan batay na rin sa mga elemento ng kultura na taglay nito. Ayon kay Atienza (2018)[24], mayroong apat na elemento ng kultura ang nasuri sa pag-aaral. Ito ang paniniwala, simbolo, pagpapahalaga at norms na nasilip sa kuwento ng mga barangay. Ang ranggo ng mga elemento batay sa dami ng bilang ng barangay ay napagsunod-sunod at may ilang patunay na mula sa ilang informante ng mga barangay.

**Paniniwala**

Makikita na ang nangungunang elemento ng kultura na litaw sa mga kuwentong Bacongnon ay ang paniniwala. Ito ay maituturing na elemento ng kultura sapagkat ito ay ang paniniwala sa kung ano ang katanggap-tanggap at totoo, sa mga mito at pananalig ng mga tao sa Diyos.

Ang elementong ito ay tumutukoy sa pagiging maka-Diyos ng Bacongnon dahil halos karamihan sa mga barangay sa Bacon ang may kasalukuyang pangalan na hinango sa mga santo at santa. Bagamat tatlo ang may dati nang pangalan na hinango sa santo at santa at siyam naman ang may dating ibang pangalan at napalitan lamang na isinusog sa patron, labindalawang barangay pa rin sa kabuoan ang may kasalukuyang pangalan na hango sa mga santo at santa kung saan ito ang mga barangay Sto. Domingo, Sta. Lucia, Salvacion, San Juan, Del Rosario, San Isidro, San Pascual, San Vicente, San Ramon, Sto. Niño, San Roque at Sta. Cruz.

Isang tiyak na halimbawa nito ay ang pahayag ng impormante sa barangay Sto. Domingo na nagmula ang pangalan na ito sa ...

> "...Santo. Kay Senior Santo Domingo. May nagdonar lang kaan digdi sa mga ninuno, inda ta sabi mga dayong kastila daa, iyo so panahon na pigpapalakop na ang relihiyon na katoliko pero tubog talaga ang apod kaini kan enot..."

Nangangahulugan ito na mula sa mga dayuhang kastila ang santong si Senior Santo Domingo na ibinigay lamang sa mga ninuno. Ayon sa nakapanayam, ito ay nangyari noong panahong pinapalaganap ang relihiyong katoliko at sinasabing *"tubog"* ang dating tawag sa kanilang lugar.

*Ibig sabihin nito, kabilang ang kanilang lugar sa napalaganapan ng relihiyong Kristyanismo noong panahong nanakop ang mga kastila sa Pilipinas. At pinatutunayan lamang ito ng patron na hanggang ngayon ay sinasamba ng mga tao rito.*

Sinasabing likas na sa mga mamamayan ng Bacon ang pagiging maka-Diyos. Makikita ang tradisyong ito sa pagsisimba nila tuwing linggo. Nagdarasal sila at nananalangin sa pagsapit ng alas sais. Ayon sa mga impormante, naging ugali na rin ang pag-sign of the cross bago gawin ang mga bagay-bagay o kahit pa madaanan lamang ang mga simbahan. Nagdaraos din sila ng kapistahan taon-taon bilang pasasalamat sa kanilang patron.

Ayon nga kay Eugenio (2007)[25], na ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino ay isang natatanging pagkakakilanlan. Patunay na naging batayan din ang relihiyon ng kanilang kaugalian lalo na sa pagharap ng mga suliranin sa buhay, pagpapahalaga sa mga bagay na may magandang naidudulot sa pang-araw-araw at paniniwala na nagsisilbing batayan sa pagpapasya at sariling pagkakakilanlan.

Maging ang barangay Poblacion na pinaniniwalaan at tinatanggap na totoo ng karamihan na maging bayan ay mababatid sa pinagmulang kuwento ng pangalan nito.

> *"… halos intiro na pangangaipo kan tawo sa pang-uruadlaw, yaon digdi, kaya tubod ang kadaklan na ini ang dapat na gibuhong bayan…"*

Ito ay nangangahulugan na halos lahat ng pangangailangan ng mga Bacongnon sa pang-araw-araw ay matatagpuan dito kaya naniniwala ang karamihan na ito ang nararapat gawing bayan. Ibig sabihin lamang ng pahayag na ito na mahalaga sa mga Bacongnon ang pagkakaroon ng magaan na uri ng pamumuhay. Likas sa kanila ang maniwala sa mga bagay na sa tingin nila ay magdudulot ng kaginhawaan at hindi komplikadong galaw sa pang-araw-araw na pakikipagsapalaran sa buhay.

Dagdag pa rito ang pinagmulang kuwento ng pangalang Balete. Ito ay tumutukoy sa mga imahinasyon na nakabatay sa paniniwala mula noon hanggang sa kasalukuyan. Ang paniniwalang ito ay maituturing na isang paraan ng masining na pagpapahayag ng damdamin, emosyon at guni-guni ng isipan.

Isang impormante na mula sa Balete ang nagsabing,

*"… igwang mga tawong lipod na*

*nakaistar sa darakulang Balete*
*digdi dati, iyo ang dahilan*
*kan paghilang nan pagkagadan*
*kan nagkapirang residente digdi…"*

Nangangahulugan ito na mayroong masamang elemento sa malalaking puno ng Balete rito, na naging dahilan ng pagkakasakit at pagkakamatay ng ilang residente noon dito.

*"… kinakatakutan ang kahoy kan Balete*
*digdi kaito kay dahil sa kadakulaan nan*
*sarig kaini maski ang mga kahoy na*
*acacia sa palibot kaini nagkakagaradan…"*

Sinang-ayunan naman ng ilan pang informante na kinakatakutan ang puno ng Balete noon dahil sa laki at tatag nito na kahit pa ang mga puno ng acacia sa palibot nito ay namatay.

Isa itong eksaktong halimbawa ng mga paniniwalang nagmula pa sa matatanda na hanggang ngayon ay nabitbit ng bagong henerasyon. Ang pagkatakot at pag-iwas ng mga tao sa puno ng balete sa paniniwalang may masamang maaaring maidulot ito sa tao.

Bagaman maka-Diyos at makarelihiyon ang mga tao rito ay hindi pa rin maiiwasan ang paniniwala nila sa mga paniniwala sa mga engkanto at iba pang mga lamang lupa na hindi nakikita ng ordinaryong mga mata. Ang paniniwala sa mga ganito ay nagsimula sa pasalindila at tumagal hanggang sa kasalukuyan.

Patunay at nagpapahiwatig lamang ito na sa bawat lugar ay may kanya-kanyang mga sinaunang kwento na naisalin sa bawat henerasyon na sumasalamin sa kultura ng mga taong naninirahan dito. Ang mga sinaunang mga kwentong ito ay karaniwang pinaniniwalaan ng mga naninirahan sa lugar sapagkat mababanaag naman dito ang malalim na pagkilala sa sarili.

**Simbolo**

Pumapangalawa sa elemento ng kulturang lumitaw ay ang simbolo. Ayon kay White (1949), ito ay ang paglalapat ng kahulugan sa isang bagay ng mga taong gumagamit dito. Mga punongkahoy o halaman, hayop, tanawin o mismong kapaligiran ang tinutukoy rito katulad na lamang ng mga pinagmulang pangalan ng mga barangay Bon-ot, Caricaran, Bogña, Balogo, Gatbo, Cabarbuhan, Buenavista, Maricrum at Sawanga.

Ayon nga kay Honradez (2016)[26], ang kapaligiran ay may kinalaman sa gawain ng tao sa isang lugar lalo't higit sa hanapbuhay o pinagkakakitaan ng mga naninirahan dito. Isang mapapakinggang pinagmulang kuwento ng pangalan ng Buenavista ay ang paglikha ng pangalan nito batay sa kung ano ang isang bagay na talamak dito noon na magpahanggang sa kasalukuyan ay naging simbolo o palatandaan ng mga nakatira rito.

Isang impormante mula sa Buenavista ang nagwikang,

*"… ang Buenavista, Espanyol an na tataramon, na ang ibig sabihon kuno maray pangalagkalag ta hirit ang likas na yaman, na hanggang ngonian napapakinabangan, halimbawa ang pagsira na naging hanapbuhay na poon pa kaito hasta ngonian …"*

Ayon dito, ang Buenavistang pangalan ay isang Espanyol na salita na ang ibig sabihin ay magandang tanawin dahil sa likas na yamang matatagpuan dito. Sinasabi rin na hanggang sa kasalukuyan ay napapakinabangan katulad na lamang ng pamumuhay na pangingisda dahil na rin sa lokasyon nito na malapit sa tabing dagat.

Ito ay nangangahulugan din lamang na maging ang wikang dayuhan ay nagbigay-ambag sa kasaysayan ng lugar nila batay sa likas na yamang natagpuan dito. Patunay na makapangyarihan at kabuhol ng kultura ang wika.

Mula naman sa barangay Caricaran ang nagsabing,

*"… kan enot, ining barangay caricaran, ang palatandaan kan tawo sa lugar na ini 'pag nakakaaragi digdi, ang kadakol na dahon kan caricaran mismo, kaya ini inapod na caricaran…"*

Batay sa pahayag na ito, nagsilbing palatandaan ang nasabing halaman sa mga dumaraang tao upang matukoy kung anong lugar na ang kanilang narating. Isang likas na ugali ng mga Pilipino kalakip ng pag-iingat lalo sa usaping direksyon.

Mula naman sa barangay Bon-ot ang nagwaring,

*"… ang bon-ot hale sa mismong bonot kan niyog pagnagkokopra …"*

Nangangahulugan na hinango ang pangalang bon-ot sa mismong bonot ng niyog. Ibig sabihin nito na nagkakaroon ng malaking bahagi ang mga bagay na nagdudulot sa kanila ng kabuhayan at kasaganaan sa pang-araw-araw na buhay.

Patunay lamang ang mga pahayag na ito na may ilang lugar sa Bacon na nagsimulang mabuo ang pangalan dahil sa kasaganaang bigay ng kalikasan dito. At nagiging bahagi ng pamumuhay kalaunan katulad na lamang ng pangingisda at pagkokopra.

**Pagpapahalaga**

Pangatlo sa elementong nakapaloob sa mga kuwento ay ang pagpapahalaga. Tatlong barangay sa Bacon ang kinakitaan ng mananaliksik ng pagpapahalaga. Ito ang mga barangay Osiao, Sugod at Rawis. Natukoy ni Mooney (2011)[27], na ang pagpapahalaga ay nagsisilbing batayan ng isang grupo o ng lipunan sa kabuoan kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi. Dito ibinabatay kung ano ang tama at mali, maganda at kung ano ang nararapat at hindi nararapat.

Mapapakinggan sa mga pinagmulang kuwento ng ilang barangay sa Bacon ang pagpapakita ng pagpapahalaga.

> *"… ining Osiao, hale ang pangaran kaini sa tawong may magayon na pagbabagong nagibo digdi kaito, bilang pasasalamat kaya hinale saiya ang pagpangaran kan barangay na ini …"*

Nangangahulugan ito na ibinatay sa pangalan ng isang taong may magandang pagbabago o maaaring pag-unlad sa nasabing barangay bilang pasasalamat. Mahihinuha sa pahayag na ito ng impormante na ang pagtanaw ng utang na loob ay likas sa mga ninuno na namana rin dumaan man ang maraming araw sa pamamagitan ng malinaw na paggunita habang ikinukuwento ang bahagi ng kasaysayan ng lugar.

Samantala, isa namang impormante sa barangay Rawis ang nagsabing,

> *"… tanda kan pagburuhay kaito digdi, ta halos ang paggibo ki banig, kalo dangan basket ang inaasahan kang mga tawo sa rawis kaitong panahon, ang rawis-rawis na pig-aapod, mga sobra-sobra kan bariw …"*

Nangangahulugan na ang pinagmulan ng pagkakabuo ng pangalang Rawis ay dahil sa tinatawag na "rawis-rawis" o sumobrang habi ng caragumoy habang gumagawa ng banig, sombrero at basket. Patunay lamang na malaki ang naging papel ng pamumuhay noon ng mga tao rito sa pagpapangalan ng kanilang lugar. Sinasalamin nito ang uri ng pamumuhay mayroon dati na hanggang sa kasalukuyan ay mamamalas pa rin sa ilan pang taong nananahanan dito.

Isa pang kwentong mula sa Sugod ang kinakitaan ng mananaliksik ng pagpapahalaga,

> *"… ang sugod, bako man lamang tawo, pero pigligtas ninda ang buhay kan mga kaitong nakaistar digdi laban sa mga dayo na nang-arabuso …"*

Nangangahulugan na kahit insekto lamang ang mga pukyutan ay niligtas naman ang buhay ng mga ninuno laban sa mapang-abusong dayuhan. Hindi kabawasan ang pagpapahalagang ibinigay sa klase o uri ng bibigyan nito. Mahalaga pa rin sa mga residente na nalalaman ang kwento nang sa gayon bilang magsisilbing paglingon sa pinanggalingan ng mga ninuno.

Ibig sabihin, binigyang halaga ang mga tao, uri ng pamumuhay o maging insekto na nakatulong sa kanilang pag-unlad bilang bahagi ng komunidad na ginagalawan. Iba-iba mang antas at klase ng pag-unlad, hindi pa rin nila isinantabi ang magagandang dulot nito sa kanilang buhay.

Patunay lamang na likas sa mga Bacongnon ang pagtanaw ng utang na loob, sa tao man o sa mga bagay na may malaking ambag o pakinabang sa pang-araw-araw na buhay bahagi man ito ng kasaysayan o sa kasalukuyan.

**Norms**

Sinusundan ito ng elementong norms, na tumutukoy sa mga asal, kilos o gawi na binuo at nagsisilbing pamantayan sa lugar. Ito ang nagiging batayan ng mga ugali, aksyon at pakikitungo ng isang indibidwal sa lipunang kaniyang kinabibilangan (Mooney, 2011)[28]. Dalawang (2) pinagmulang kuwento ng barangay ang naibilang sa elementong ito at ito ang mga barangay Jamislagan at Bato.

Mababatid sa kwentong pinagmulan ng pangalan ng Jamislagan kung paanong kumilos at ugaling mayroon ang mga tao rito. Ayon sa impormanteng mula sa Jamislagan,

> *"… mga malambingon ang tawo sa Jamislagan, bakong uso ang iriwalan, halos intiro nagtataratauhan…"*

Nangangahulugang malalambing ang mga taong nakatira dito at hindi uso ang awayan bagkus ang karamihan ay nagbibigayan. Patunay lamang na likas ang kabutihang taglay ng mga taong nakatira dito. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng estado sa buhay ay hindi nawawala ang respeto at pagmamahal sa bawat isa.

Ayon sa mga inpormante, mapapansin ito sa tuwing nagkakaroon ng selebrasyon ang isang pamilya sa lugar, halos iniimbitahan ang karamihan, mapakaarawan, kasalan, at kung ano-ano pa. Ang pagtutulungan din ay sinasabing tanda rin ng paglalambing katulad ng bayanihan na hindi kinakailangang bayaran ng sentimo dahil mula sa puso ang pagtulong.

Samantala, sa kabilang banda, ang barangay Bato naman ay sinasabing,

> *"… mga matagason kuno an payo kan mga nakaistar kaito digdi dati kaya iyo an dahilan kung nata inapod ining bato pero an kamarayan man kay dai man basta-basta ang mga tawo digdi …"*

Nangangahulugan na dahil sa katigasan ng ulo ng mga nakatira noon dito kaya tinawag na Bato. Sinasabi rin na bagamat may katigasan ang ulo ay hindi naman matatawag ang mga residente na basta-basta.

Ibig sabihin nito na masasalamin sa kasaysayan ng isang lugar ang maaaring maging pag-uugaling taglayin ng mga naninirahan dito kahit pa man lumipas ang maraming panahon ngunit nakasalalay pa rin sa sariling pagpapapasya kung paano isasabuhay ang pagkakaroon ng katigasan ng ulo. Isang tiyak na halimbawa nito ay ang pananatiling matatag sa buhay sa kabila ng mga unos na kinakaharap ng mga tao rito. Pinatutunayan lamang nito na likas sa mga Bacongnon ang pagkakaroon ng mabubuting asal na nagmula pa sa mga ninuno na minana ng kasalukuyang henerasyon.

Sa pangkabuoan, may iba-ibang elementong nakapaloob sa bawat kuwentong pinagmulan ng pangalan ang mga barangay sa Bacon. Ayon sa masusing pag-analisa ng datos ng mananaliksik, ang mga elementong ito ay ang paniniwala, simbolo, pagpapahalaga, at norms.

**SANGGUNIAN**


[1] Reiss (1992) Reiss, Timothy J. 1992. The Meaning of Literature. New York City: Cornell University Press.
[2] Perez-Semorlan, et. al. (2011). Ang Panitikan at Kulturang Pilipino. C & E Pub.
[3] Republic Act Artikulo XIV Seksyon 16. "Edukasyon, Siyensiya, Teknolohiya Mga Sining, Kultura at Isports Edukasyon" Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/
[4] R.A. 9593. "Tourism Act of 2009" Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/05/12/republic-act-no-9593-s-2009
[5] Artikulo 14, Seksyon 5 ng Saligang Batas 1987 at Seksyon 5 ng Batas Republika bilang 10533 o ang "Enhanced Basic Education" Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533
[6] Ramos (2014). *Filipino literature* [Panitikang Pilipino]. Manila: Katha Publishing Company.
[7] Batas Republika 10066 o ang "Cultural Heritage Act of 2009 https://ncca.gov.ph/republic-act-no-10066/#:~:text=10066, Republic%20Act%2010066&text=The%20drafting%20of%20the%20Omnibus,of%20the%20nation's%20cultural%20heritage.
[8] De Juan, 2015)[8].*The legend and its brief history* [Ang alamat at ang maikling kasaysayan nito]. Retrieved from https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/ang-alamat-at-ang-maikling -kasaysayan-nito.
[9] R.A 8806. "An Act Creating The City Of Sorsogon By Merging The Municipalities Of Bacon And Sorsogon In The Province Of Sorsogon https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2000/ra_8806_2000.html
[10] Tepace at Badayos (2005) Yaman ng pamana, (wika at panitikan). Quezon City: Vibal Publishing House
[11] Camar (2016)[11], Camar, Aisah B. 2016. *Koleksyon, klasipikasyon at mga pagpapahalagang napapaloob sa mga kuwentong-bayan. Surigao del Sur State University, Tandag City.* https:/www.slideshare.net>sacrikanzaki05.
[12] Gambosa at Francisco (2018) Malikhaing Kalap ng mga Alamat para sa Yamang Pampanitikan ng Pamplona. Di-Nailathalang Disertasyon, University of Nueva Caceres, Lungsod ng Naga.
[13] Jocano (2007). Filipino Worldview: Ethnography of Local Knowledge. Quezon City: Punlad Research House, Inc.
[14] Manforte (2015) Mga Salaysaying- Bayan Sa Partido: Sulyap sa Pagkakakilanlan. Di-Nalathalang Master's Tesis ng Pamantasan Ng Nueva Caceres. Lungsod Naga.
[15] Ilagan (2020) Panitikang Manide: Kotekstuwalisasyon sa kagamitang Pampagtuturo. Unibersidad de Sta Isabel, Lungsod ng Naga
[16] Eugenio (2007)[17] Eugenio, D. (2007). *Philipinnes folk literature. The legends*. Quezon City: UP Press.
[17] Peña (2015) *Introduction to the poems of the copra in the Bondoc Peninsula towards the investigation of the social ego* [Panimulang dalumat sa mga tula ng mga magkokopra sa Bondoc Peninsula tungo sa pagsiyasat sa panlipunang kaakuhan]. *Bisig Journal: Manggagawa at Paggawa sa Panahon ng Neoliberalismo, 2.*
[18] Meneses, K. (2018). Pakikipagkapwa: A Filipino value in attempt to counter biodiversity and cultural diversity loss. *Solidarity: The Journal of Catholic Social Thought and Secular Ethics, 8*(1).
[19] Delim, J., et al. (2016). *A research on superstitiuous belief* [Isang pananaliksik tungkol sa pamahiin na *p*inaniniwalaan]. Retrieved from https://prezi.com/o8emprgbxzix/isang-pananaliksiktungkol-sa-pamahiin-na-pinaniniwalaan/
[20] Justin (2014)[21]. *The importance of legend in the Philippines* [Kahalagahan ng Alamat sa Pilipinas]. Retrieved from http://www.suriblogspot.com/2014/07/kahalagahan-ng kaalaman-sa-alamat.html
[21] Enriquez, 2007). Kapwa: A core concept in Filipino socialpsychology. In A. Navarro & F. Bolante (Eds.), *Mga babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, pilipinohiya, at pantayong pananaw.* Manila: C & E Publishing
[22] Falae (2018). *The legend and its importance* [Ang alamat at kahalagahan nito] Retrieved from http://www.suriblogspot.com/2014/07/ang-alamat-at kahalagahan-nito.html
[23] Anderson at Taylor, 2007) Deped LRMS https://www.academia.edu/44906833/Ang_Lipunan
[24] Atienza (2018). Ano ang Kultura? Kahulugan, Elemento at Kahalagahan. Retrieved from https://pinoynewbie.com
[25] Eugenio (2007) *Philipinnes folk literature. The legends*. Quezon City: UP Press.
[26] Honradez (2016) *Linking environment and type of occupation* [Pag-uugnay ng kapaligiran at uri ng hanapbuhay]. Retrieved from https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-2-aralin-1-pag-uugnay-ng-kapaligiran-at-uri-ng-hanapbuhay
[27] Mooney (2011), DepEd Learning Resources Management System https://www.academia.edu/44906833/Ang_Lipunan
[28] Mooney (2011), DepEd Learning Resources Management System https://www.academia.edu/44906833/Ang_Lipunan